Ang mga mu'adhdhin ay ang pinakamahaba sa mga tao sa mga leeg sa Araw ng Pagbangon."}

Ayon kay Mu`āwiyah (malugod si Allāh sa kanya) na nagsabi: {Nakarinig ako sa Sugo ni Allāh (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsasabi: "Ang mga mu'adhdhin ay ang pinakamahaba sa mga tao sa mga leeg sa Araw ng Pagbangon."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito si Imām Muslim]

Nagpabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang mga mu'adhdhin na nanawagan para sa ṣalāh ay ang pinakamahaba sa mga tao sa mga leeg sa Araw ng Pagbangon dahil sa dangal ng gawain nila, dami ng kabutihan nila, at bigat ng pabuya nila.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/10115